



CHEDRO III MEMORANDUM
No. 088, S. 2019

TO : PANGULO/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG DALUBHASAAN AT PAMANTASAN SA REHIYON III

SUBJECT : PANREHIYONG SEMINAR-WORKSHOP 2019

DATE : JULY 24, 2019

X _____ X

Ang Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon, Rehiyon III, ay sumusuporta sa layunin ng Tarlac State University na maitaguyod ang maunlad at ekselenteng edukasyon sa pamamagitan ng isasagawang **Panrehiyong Seminar-Workshop 2019** na may temang: **"Napapanahong Pananaliksik sa Edukasyon: Tugon sa Ika-4 na Era ng Rebolusyong Pang-industriya"**. Ito ay gaganapin sa ika-17 hanggang ika-19 ng Oktubre 2019, mula sa ika-8:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon, na gaganapin sa Alumni Center, Lucinda Extension Campus, Tarlac State University, Tarlac City.

Ang mga layunin ng nabanggit na Seminar-Workshop ay ang mga sumusunod:

1. Linangin ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagsulat ng napapanahon at makabuluhang pananaliksik na tutugon sa panahon ng ika-4 na Era ng Rebolusyong Pang-industriya;
2. Magamit ang mga natutunang kasanayan sa pagbuo at pagsulat ng mga pananaliksik at e-modyul batay sa mga layunin at nilalaman ng mga kursong itinakda ng CHED at DepEd;
3. Hikayatin ang mga guro na maging aktibo at dalubhasa sa pananaliksik upang makatulong sa pag-unlad ng pamumuhay at lipunan; at
4. Mailahad ang mga pamamaraan sa presentasyon at paglalathala ng mga natapos na pananaliksik sa Scopus Index ayon sa itinatadhana ng batas.

Inaasahang dumalo sa gawaing ito ang mga guro sa iba't-ibang asignatura sa lahat ng antas mula sa pribado at pampublikong paaralan, pati na rin ang mga estudyante ng masteral at doctoral sa iba't-ibang Pamantasan at kolehiyo ng Rehiyon III.

Para sa iba pang mga katanungan at paglilinaw, mangyaring makipag-ugnayan lamang kina Dr. Daisy T. Inalvez at Bb. Cathy M. Dela Cruz sa telepono bilang 0908-892-9201. Maaari ring magpadala ng mensahe sa e-mail address na cathydelacruz052794@yahoo.com.

Ang pagdalo sa nabanggit ay boluntaryo lamang subalit ang inyong pagtangkilik ay labis na kalulugdan.

MS. LORA L. YUSI
Chief Education Program Specialist
Officer-in-Charge
Office of the Director IV

Reference: Liham ni Dr. Myrna Q. Mallari
Pangulo, TSU